Light Reading customer newsletter from Seattle City Light
Hulyo Agosto 2014

Mula sa general manager

Maaaring magsimula ang tawag sa telepono nang tulad nito: "Hindi mo pa nababayaran ang iyong bill ng kuryente at kung hindi ka pa magbabayad sa loob ng susunod na 45 minuto, kakailanganin naming putulin ang iyong kuryente."

Mula sa isang kriminal ang tawag na iyon, hindi sa Seattle City Light.

Kung manghihingi ang tumatawag ng agarang bayad, lalo na kung sa pamamagitan ng mga pre-paid na debit card o cash card, isa iyong palatandaan na may mali. Minsan, nanghihingi sila ng impormasyon ng credit card.

Huwag kailanman ibibigay ang impormasyong ito. Kung mayroon kang anumang mga pag-aalinlangan o tanong, tumawag sa 206.684.3000 sa mga araw na may pasok at maaaring tingnan ng aming mga kinatawan ang iyong account. Hindi nagsasagawa ang City Light ng pangongolekta ng bill nang Sabado o Linggo.

Kung may lumapit sa iyong tao na nagsasabing mula siya sa City Light o anumang iba pang utility, hilingin sa kanyang ipakita sa iyo ang kanyang identification. May dalang ID ang mga empleyado ng utility at ipinapakita nila ito kapag hiniling.

Napakamalikhain ng ilang kriminal sa kanilang paraan ng pagnanakaw sa iyong pera, kaya mangyaring magkaroon ng sapat na kaalaman at protekatahan ang iyong sarili.
-Jorge Carrasco, general manager at CEO

Cooking with Kilowatts contest

Narito na ang aming palighasan ngayong tag-init na Cooking with Kilowatts, at naghahanap kami ng mga recipe na kadalasan mong niluluto gamit ang oven o stovetop. Pumili ng isang paraan ng pagluluto na gumagamit ng mas kaunting kuryente kaysa sa stove o oven:

APPLIANCE	TEMP	TIME	ENERGY	COST[1]
Electric oven	350 F	1 hr.	2.0 kWh	19 cents
Toaster oven	425 F	50 min.	.95 kWh	9 cents
Crockpot	200 F	7 hrs.	.7 kWh	7 cents
Microwave oven	"high"	15 min.	.36 kWh	3 cents

[1]Nakaka-assume ng 9.5 cents/kWh

Talahanayan mula sa *Consumer Guide to Home Energy Savings*

Mayroon kaming dalawang paligsahan ngayong taon — isa para sa mga bata at isa para sa matatanda. Makakatanggap ng maliit na premyo ang lahat ng sasali, at mayroong isang espesyal na grandeng papremyo para sa recipe na pinaka-nakakatipid ng kuryente. Para sa mga detalye, panuntunan, premyo ng paligsahan, at para isali ang iyong recipe, bisitahin ang www.seattle.gov/light/recipe.

Share the Sun

Gustung-gusto ng aming mga customer ang proyektong Community Solar ng City Light sa Seattle Aquarium kaya naman sold out agad ang mga solar-unit sa loob ng anim na linggo.

Ngayon mayroong bagong proyektong Community Solar, ang isang ito ay nasa Phinney Ridge kung saan nagtatayo ang City Light ng solar arrays sa mga bubong sa Phinney Neighborhood Association at sa Woodland Park Zoo. Kumuha ng karagdagang impormasyon sa www.seattlegov/communitysolar

Baseball goes green
Ang City Light, ang "Nation's Greenest Utility," ay nakikipagtulungan sa isa sa mga pinaka-makakalikasang ballpark sa bansa — ang Safeco Field ng Seattle Mariners — upang hikayatin ang pagtitipid ng kuryente. Ngayong tag-init, tingnan ang mga mensahe sa mga monitor ng Safeco na nagpapakita kung paano tumutulong ang City Light sa grupo, at ang lahat ng aming customer, na makatipid ng kuryente at pera. May mga detalye sa www.seattle.gov/wepower

Recycle your old fridge and earn $30
Tumawag sa 206.386.1399 upang ipakuha ang iyong lumang fridge para i-recycle at makatanggap ng $30 na rebate. Alamin ang mga panuntunan sa pagre-recycle sa www.seattle.gov/oldfridge.

In your neighborhood: City Light @ work
May mga trabahador sa mga kapitbahayang ito, na nagtatrabaho upang mabigyan ka ng sapat na kuryente.
-View Ridge: nag-i-install ng conduit;
-Pioneer Square
-Burien, Seattle, Shoreline (iba't ibang lokasyon
-West Capitol Hill (iba't ibang lokasyon)
Bisitahin ang www.seattle.gov/light/construction at mag-click sa pulang construction sign para sa mga detalye.

Minority businesses and City Light
Aktibong nilalayon ng City Light na makipagtulungan sa mga negosyong pinagmamay-arian ng mga babae at minority sa teritoryong sakop ng aming serbisyo. Nakamit ng utility ang pinakamahusay na taunang performance (best annual performance) nito noong 2013, at nahigitan pa ang layunin nito: Umabot sa kabuuang $20,863,478 o halos 17 porsyento ng kabuuang gastos ng utility ang mga serbisyo ng pagkonsulta at pagbili para sa minority. Tumaas ito mula sa 3.2 porsyento lang noong 2003 nang nagsimula ang programa.

Save paper, stamps: pay online
Pamahalaan ang iyong account online sa pamamagitan ng pag-sign up para sa serbisyong eBill ng City Light. Magkaroon ng karagdagang kaalaman sa www.seattle.gov/light/paymybill/.

Impormasyon sa pakikipag-ugnayan:
Seattle City Light
PO Box 34023
Seattle, WA 98124-4023
Impormasyon: Tumawag sa 206.684.3000 o bisitahin ang www.seattle.gov/light